

# Kung Magkapalad Ka't Mangmang

(Filipino Division, Sanaysay Category)

Nitong mga nakaraang araw, madalas akong nangangarap ng time machine. Kapag naghuhugas ako ng monggo at pilit na pinipigilan ang pagragasa niyon sa lababo o kapag nagpupolbo ako sa hapon pagkapaligo o kapag naghihintay lang ako na makarating sa Mercury Drugs ang traysikel na sinasakyan, naiisip ko na sana may makaimbento na ng time machine.

Hindi naman dapat ipagkamaling isipin ninoman na mayroon akong bigating mga panghihinayang at pagsisisi sa buhay. Wala. Walang ganoon. Hindi ako kuwento ng trahedyang na paglalaanan mo ng balde-baldeng luha at uhog kapag yumuyuko na ang mga nagtanghal at nagsasara na ang kurtina.

Simple lang ang panahong pabalikan ko sa time machine, Grade 9. Simple lang din ang tagpong itutuwid ko. Gusto ko lang bawiin kay Mama ang sinabi ko noon: "Huwag mo na 'kong ipaghanda ng baon, Mama. Mas gusto kong kumain sa labas kasi ganoon ang ginagawa ng bestfriend ko."

Nakakasawa naman talaga ang meat loaf na pinababaon niya sa akin noong junior high era ko. Sa katunayan, naubos ko na lahat ng flavor ng meat loaf noon. Original, Longganisa, Embutido, Tocino, Beef, Hot and Spicy Beef... err. Tinitindigan pa rin ako ng balahibo sa batok 'pag naiisip ko ang pagkasuya ko sa mga 'yon.

Pero kung hanggang ngayon, ganoon pa rin ang talab ng salitang meatloaf sa akin, bakit nga ba gusto ko pang bawiin ang sinabi ko kay Mama na huwag na akong pagbaunin?

Nagsimula iyon noong gabing pinuntahan ko si George sa apartment niya, may isang linggo na rin ang nakalipas. Si George nga pala ang best friend na tinutukoy ko noon kay Mama. Isa sa pinaka-independent na taong kilala ko. At ang *for today's video* niya, wasak dahil iniwan ng girlfriend. Ngayon pa nga lang siya nagsisimulang magpapasok ng tao sa buhay niya, nagtalusira pa. Nabuhay tuloy ang maraming abandonment issues na nakasiksik sa katawan niya, iyong mga libag na pilit na sanang itinago sa kilikili at alak-alakan para hindi na mabulatlat pero wala, natatagtag pa rin sa tuwing nakikiskis ng mga batong nakakasagupa.

At hindi ko malilimutan ang sinabi niya habang pulang pula ang ilong sa kung anomang ininom, "Kasalanan 'tong lahat ng mga magulang ko."

Napaawang ang labi ko. Alam kong nanggaling siya sa broken family pero hindi ko akalaing gano'n kalalim ang inugat noon sa kaniya.

Tuloy niya pa nga, tipsy ha (hindi niya naman aaminin kung hindi), "Lagi akong naiinggit sa inyo. Gusto kayong alagaan ng mga tao."

Para akong Grade 1 noon na unang natuto ng addition. *Shocks*. Gano'n pala. Kaya pala. Kaya pala ngumingiti siya noon nang malungkot sa tuwing nakikita niya si Mama na kumukuha ng report card ko sa PTA meeting. Kaya pala natutulala siya kapag birthday ko sa harap ng mga handang hindi naman kabonggahan sa aking paningin. Kaya pala hinihila niya ako sa opisina ng Governor at Mayor namin para mag-solicit ng pocket money sa tuwing may competitions kami sa labas ng probinsya. Kaya pala kumakain siya lagi sa labas tuwing lunch break.

Ang mga bagay na walang kabuluhan sa akin, pinagdaramdam niya pala sa tala at buwan. Oo, diyahe mang aminin pero sa totoo lang, akala ko talaga normal lang lahat ng 'yon. Hindi ko ibinilang na kasuwertehan ang lahat ng ginawang iyon ng mga magulang ko para sa akin.

Iyong pagpunta sa PTA Meeting, iniisip ko noon obligasyon nila 'yon. Iyong ipaghanda ako sa tuwing birthday ko, normal sa akin 'yon. Lahat naman yata may ginagawang selebrasyon. Hindi lang pare-pareho ng level of *bonggaciousness*. Kumbaga nga sa sasakyan, may base variant at may top of the line. Kami siguro, nasa mid spec naman. Kaya hindi ko naisip na may mga anak pala talagang nililipasan ng kaarawan nang walang kahit na anong effort na nakukuha mula sa nabubuhay na magulang. Kahit hindi na sa pareho, kahit sa isa na lang.

At iyong tungkol sa pagso-solicit, palagi ko iyong pinagtatawanan. Siya lang kasi iyong masipag na rumoronda sa kapitolyo para magpapirma at mangalap ng donasyon ng

mga politiko. Napipilitan lang talaga akong sumama. Sabi ko, hindi naman kami magbabakasyon sa Tagaytay para magpundar ng napakaraming pocket money. Sapat na iyong ibibigay sa amin ng mga magulang namin para sa tatlong araw. Hindi niya kailanman sinabi sa akin na hindi pala siya humihingi sa mga magulang niya, na bagaman nasa malapit lang, abala naman sa kani-kanilang pamilya.

At iyong meat loaf ko, hindi ko akalaing may nangangarap pala noon. Mas masaya akong samahan siyang magproblema kung saan na naman kami hahanap ng kakainin sa dagat ng mga karinderyang sa wakas ay iba naman sa panlasa ko. Wala akong ideya na pagod na siyang magproblema. Na gusto niya namang maranasan na magbukas ng baunan na hinanda ng isang taong nangangambang wala siyang mahanap na makakainan. Habang nakikinig sa Growl ng EXO na malayang pinatutugtog ng grupo ng mga kaklase naming nanghihimagas ng K-pop, gusto niya rin palang masubukang maglitanya tungkol sa ulam na paulit-ulit ding hinahanda ng nanay niya para sa kaniya. Wala akong ideya.

lisa kasi noon ang mukha ng magulang para sa akin. Pag sinabi mong tatay, hinuhulma agad ng isip ko na siya iyong kahit hindi araw-araw na nakauwi dahil sa destino, 'pag umuwi siya, mararamdaman mo talagang umuwi siya para sa'yo. Hindi puwedeng walang pasalubong. Kesehodang panutsa iyan na binili sa terminal ng bus ng 8-for-100, basta huwag lamang blangkong palad na sasalubong sa'yo, papatusin niya 'yon. Siya iyong ihihiwalay sa monthly pay niya iyong pangregalo sa birthday mo at ipatatago na agad sa asawa para kung nataon mang nasa destino siya, may matatanggap kang

sobre at alam mong naalala ka niya. Pag sinabi mong tatay, makikipag-agawan iyon sa kaniyang asawa sa pagsabit ng medal tuwing recognition mo.

Ang nanay naman sa akin ay iyong nag-iisang tao na mag-aalala sa kulay ng kuwelyo mo. Kung anong gusto mong handa sa birthday mo at kung bakit umuuwi minsan ang anak niya na maraming tinta ng ballpen sa balat. Huwag ko raw ugaliin iyon dahil nakaka-cancer daw ang ink. Ganoon siya. Parang sinasabayan niya ang pag-aaral mo araw-araw. Iisa nga lang ang mina-masteral—kung paano ka mapaiiwas sa lahat ng bagay na puwedeng makasakit sa iyo. Frat, highway, tambutso, ulcer. Ah, ulcer. Diyan siya pinakatakot. Kaya ang pinakamalaki niyang agam-agam sa araw-araw na ginawa ng Langit ay kung naubos mo ba ang laman na meat loaf ng baunan mong Lock&Lock na nakuha niya lang naman talaga ng libre dahil sa pagbili ng isang garapong Lady's Choice mayonnaise made with real eggs and real love. Real love. Oo, tama, first real love din siya.

Iniiisip ko talaga noon, siguro, iba lang nang kaunti sa mukha ng tatay at nanay na alam ko ang mayroon ang mga tao sa paligid ko. Baka mas matangos nang kaunti sa pagpapasalubong. Baka mas pango nang kaunti kapag sinukat mo na sa galing niyang magpaputi ng kuwelyo. Lamang at talo nang kaunti sa iba't ibang aspeto pero hindi nalalayo.

Ganoon nga yata talaga ang nagagawa sa atin ng pribilehiyo. Ginagawa tayong mga mangmang.

Kaya ngayon, habang nakasakay uli ako sa isa sa mga traysikel na maghahatid sa akin sa Mercury Drugs, nangangarap na naman ako ng time machine.

Nalagpasan namin ang ilang baranggay ng Calapan habang tinutumbok ang ruta ng Mercury Drugs. Umikot kami sa may bahagi ng palengke at nadaanan ang tumpok ng mga Muslim na nagtitinda ng mga gadyet. Para akong kinurot sa puso.

May alaala ako sa mga tindahang gano'n. Grade 6. Sobrang sariwa pa rin sa akin. Lagi akong nakikiusap kay Mama na dumaan kami roon dahil gustong gusto ko tumingin ng Portable DVD. Uso kasi sa probinsya iyong bumibili ng mga pirated na bala ng Kdrama at anime. Wala kami noong kamalayan sa intellectual property. O kung mayroon man, ignorante kaming hindi naman iyon tinitingnan bilang kasalanang kasingbigat ng murder at robbery.

Ni hindi narating ng mura kong hinagap na sa bawat pagkakataong pagbibigyan ako ng nanay ko para pumunta roon at uuwi kaming hindi kayang makabili dahil ganoon pa rin kataas ang presyo, sinasaksak ko siya nang paulit-ulit.

Isang araw, mga dalawang linggo bago ang birthday ko, nagpadala ang Tita ko ng pera para sa akin, advance gift niya raw. Iyong DVD agad ang binili ko. Tuwang tuwa ako na parang nakalutang sa alapaap. Pati iyong tinderang Muslim, nag-congratulate pa sa akin. Kilala niya na kasi kami sa kapupunta ko roon. Nag-haul ako ng mga bala ng DVD

na naka-iskwat din sa hilera nila. Tatlong disc agad ng Detective Conan at isang bala ng City Hunter ang binili ko. Dalawang araw akong puyat sa kanonood. Hanggang sa bumaba na ang ulap ng kasabikan at nakakuha ako ng tiyempo na maupo sa sofa sa tabi ni Mama. Nanonood siya noon ng TV. Tinanong ko siya kung anong regalo niya sa akin. Ang sabi niya, 'yung DVD sana. Kaso hindi tumapat sa birthday ko 'yung sahod niya sa paluwagan. Sa susunod na buwan pa raw kasi ang slot niya. Buti na lang daw nandiyan si Tita.

Natauhan ako noon. Hindi ko na pala napapansin ang ugali ko. Gaano kaya kahirap sa magulang iyong makita ang anak niya na may gustong gusto pero hindi niya maibigay? Maeestima ko lang, pero ang lalim ng sugat ay hindi ko ganap na malalaman hangga't hindi ako ang nasa sapatos nila. Simula noon, naging mas sensitibo ako tungkol sa paghingi. Madalas kong sinasabi na okay lang kahit na ano. Okay lang ang pansit, puto at coffee jelly na handa. Okay lang ang dalawang libong pocket money sa competitions (hindi iyon kalakihan dahil sa registration fees). Okay lang kahit huwag nang magbaon ng meat loaf.

Hindi nga ako naging palahingi pero hindi rin ako naging mapagpasalamat.

Naibaba ako ng drayber sa tapat ng Mercury Drugs at nasuklian na time machine pa rin ang iniisip ko. Pumasok ako sa loob ng Mercury at pinag-fill out ng forms tungkol sa petsa at oras, pangalan, address at iba pang contact information ko. Binaril ng

thermometer sa bahagi ng noo at saka pa lang ako inabutan ng guwardiya ng nakatalagang numero sa pila.

Habang naghihintay sa linya, napatitig ako sa isa sa mga estante at nakita roon ang nakadapang mga nail cutter.

Muli akong dinaluhong ng mga alaala. Iyong isang linggong bisperas bago kami lumuwas ni George para magkolehiyo sa Quezon City. Problemadong problemado noon si Mama. Panay ang tawag niya sa mga kamag-anak namin sa States dahil kailangan ko raw ng laptop. Napagbigyan naman kami. Wagi ang drama naming mag-ina at ang cash prize, tumataginting na 400 bucks. Ibinili ako ni Mama ng secondhand na Dell laptop at 8GB na USB drive samantalang iyong tira ay ginamit niya sa ibang mga kailangan ko.

Buong linggo siyang bili nang bili ng mga babaunin ko. Ibinili niya ako ng deodorant, isang family pack ng Safeguard, isang botelyang Sunsilk at twin pack ng Colgate. Ibinilin niya na huwag maging masyadong mabait sa magiging mga ka-dorm. Una raw kasi ay hihingi-hingi lang iyon ng shampoo at toothpaste pero katagalan ay hindi na mag-gro-grocery at sa'yo na titira. Ibinili niya rin ako ng isang sewing kit. Magtahi naman daw ako kapag nalaglagan ako ng butones. Huwag ko rin daw pabayaang may nisnis ng sinulid sa manggas ng blusa ko. Higit sa lahat, binilhan niya ako ng manicure set. Sabi niya, ang laki ng nail cutter diyan ha. Maghinuko ka. Wala ako roon para gupitan pa 'yang paa mo.



Tinawanan ko ang lahat ng mga litanya ni Mama. Isip-isip ko, ang paranoid talaga niya. Wala bang Puregold sa QC at kailangan kong magbitbit ng mga Sunsilk at Colgate? Buti pa si George, damit, sapatos at sarili lang ang dala habang hila-hila ko na yata ang buong isla ng Mindoro sa maleta ko. Noong nakarating na 'ko sa QC, natanto ko kung gaano kahirap lumarga nang hindi ka pa sanay. Napagkamalan ko ngang iisa ang TechnoHub at U.P. Town kahit limang buwan na ako roon. At inisip ko pa talagang makakapag-grocery ako agad ha. Kung hindi ko siguro binitbit ang Mindoro, papasok ako sa first day na humihingi ng Sunsilk at nakiki-toothbrush sa toothpaste nang may toothpaste; mag-iiwan ng first impression na palahingi at mapagsamantala. Kasi for sure, may mga nanay rin silang nagbabala tungkol doon.

Umiling ako sa pag-andar ng pila sa Mercury Drugs. Nalimutan ko rin palang pasalamat si Mama para doon. Maraming mga bagay akong nakalimutan at ipinagpalagay na normal palibhasa'y nararanasan. Bumuntonghininga ako at sumungaw sa salaming bintana, umorder ng insulin at Candesartan bago muling sumakay ng tricycle para umuwi.

Inisip niyo siguro, patay na ba ang mga magulang ko at hiling ako nang hiling ng time machine? Isang malaking hindi. Kaya pang sumipa ng baka ni Mama bagaman ilang taon na rin siyang nag-i-insulin at nagme-maintenance ng Candes. Si Papa, nasa destino pa rin. Ganoon pa sila kalalakas.

O, e ano palang problema ko? Puwedeng puwede ko pa palang pasalamatang mga magulang ko at sabihing naa-appreciate ko ang lahat ng ginawa nila para sa akin. Hindi ko na kailangan ng time machine para ituwid ang ungrateful behavior ko noon. Ang problema? Nakakahiya. Nakakahiyang, out of the blue, yayapos ako sa mga magulang ko at magpapasalamat tungkol sa meat loaf, sa complete attendance sa PTA meeting, sa birthday celebrations, sa pocket money at sa mga nail cutter.

Sakit yata talaga ito na laganap sa maraming Gen Z na tulad ko. Ayaw ng sentimyento. Pinanood ko si Mama na itinataas ang kamiseta niya habang nagtuturok ng insulin sa tiyan. Sa likod ng stretch marks at kulubot noon, nakikita ko ang aking pinagmulan. Alam kong hindi na ako dapat naghihintay pa ng time machine. Kumikibot-kibot sa harap ko ang mga taong pinagkakautangan ko ng pagpapasalamat at buhay. Madaling buhay. Mainit na buhay. Pinainit ng pag-aalala at pagmamahal na inakala kong normal sa lahat ng sambahayan. Pero hindi. Mapalad lang ako. Mapalad at mangmang.

Natulog ako sa gabing iyon na nakikipagpatintero sa alinlangan ko. Kabaduyan ba ang sabihin ang nararamdaman ko for once? Dala ko sa panaginip ko ang sala-salabid kong isipin.

At kinabukasan, gumising ako para gumayak sa isang part-time job na nakuha ko ngayong pandemya. Nag-aaral kasi ako nang online sa gabi at nagtrabaho naman sa umaga. Sa kusina, naamoy ko agad ang nilutong almusal ni Mama. Naupo ako sa

harap ng dining table at binuksan ang platong nakatakip sa pagkain. At for the first time in many years, sa kung anong himala, may meat loaf sa lamesa.

"Hindi ako nakapalengke. 'Yan lang ang nasa tindahan ni Myrna, pagtiyagaan mo na," kaswal na sabi niya.

Pero iyong tapang at tigas na pinag-ingatan ko ng isang linggo, humulagpos lang nang walang kagatol-gatol. Bumulalas ako ng iyak na ikinagulat ni Mama. Sabi niya, parang sira raw ako. Kung kailan tumanda ay saka lalong hindi maispeling. Sumubsob lang ako sa tiyan niya habang nakaupo pa rin ako sa harap ng dining table. Sabi niya, ano raw ba talagang problema ko. Sa harap ng meat loaf na saksi sa maraming umagang minahal ako ni Mama, sinabi kong mahal na mahal ko siya. Isang bagay na hindi ko matandaan kung kailan ko huling ginawa.

Tatlong putahe ang inalmusal ko nang umagang iyon: kahihiyan, nakasusuyang meat loaf at ang pakiramdam na sa wakas, hindi na ako mangmang. Pangit na kombinasyon pero maniwala kayo, masarap.